Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

CHED Memorandum Order
Blg. 05, s. 2014

PAKSA: PANUNTUNAN SA MGA PROPOSAL AT PAGKAKALOOB NG PONDO SA MGA SENTRO NG KAHUSAYAN (COE) AT SENTRO NG PAGPAPAHUSAY(COD) SA FILIPINO

ARTIKULO I
PATAKARAN

Ang programa ng Sentro ng Kahusayan at Sentro ng Pagpapahusay na itinatadhana ng RA 7722, ay naglalayong panatilihin at pag-ibayuhin ang kahusayan ng mga Institusyon ng Mataas na Edukasyon (HEIs) sa pamamagitan ng pagpapahusay ng kanilang pagtuturo, pananaliksik at mga programa sa paglilingkod upang isulong ang pagpapatatag at pagpapaunlad ng bansa.

ARTIKULO II
TUNGKULIN NG MGA COE AT COD

Ang mga COE at COD ay inaasahan na patuloy na paunlarin ang kakayahan at pakikisangkot ng kanilang kaguruan sa pagtuturo, pananaliksik, at ekstensiyon upang: (a) magsilbi bilang mga lider na tututok sa mga inobasyon at pagbabago sa kanilang disiplina sa lokal, rehiyonal, at nasyonal na pamayanan; (b) patatagin ang kanilang mga programang panggraduwado; (c) itaguyod ang mas mataas na antas ng pananaliksik; at (d) tumulong sa pagpapaunlad ng mga programa at magbahagi ng teknikal na kasanayan at kahusayan sa ibang mga ahensiya /institusyon.

Ang mga COE at COD ay kapwa inaasahang (a) magpabilis sa pag-unlad ng disiplina sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga pasilidad, kagamitan, at mga koleksiyon sa aklatan, mga programang pangkaguruan; (b) magsagawa ng makabuluhang *basic and applied reseach*; (c) magtatag ng mga ugnayan sa pamamagitan ng mga kasunduang rehiyonal, nasyonal, at internasyonal.

ARTIKULO III
MGA PONDONG MAAARING IPAGKALOOB AT GANTIMPALA PARA SA COE/COD

Bilang pagkilala sa kanilang kahusayan at kakayahan ang mga COE at COD, batay na rin sa pamantayan ng CHED, ay binibigyan ng karapatan na humiling ng institusyonal-pinansyal suporta mula sa CHED.

Seksiyon 1. Uri ng Pondong Ipinagkakaloob. Ang mga COE/COD sa Filipino ay maaaring humiling ng pondo para sa alin man sa sumusunod na mga *area* o alin mang kombinasyon nito.

Table 1. Mga Pondong Maaaring Ipagkaloob para sa COE/COD.

Kategorya	Kuwalipikasyon	Mga Gawain
PANANALIKSIK AT PUBLIKASYON • Ang mga paksa ay dapat na kaugnay sa adyenda ng pananaliksik ng kagawaran na isinumite sa CHED • Pangkagawarang pananaliksik	Full-time na guro ng kagawaran na dalubhasa sa disiplina	1. Basic o applied na pananaliksik ng Departamento (ang pondo ay maaaring buo o bahagi lamang, mga gastusin sa paglikom ng datos, mga materyal sa pananaliksik). Ang produkto ay maipalilimbag na manuskrito. 2. Publikasyon ng pangkagawarang journal.
EKSTENSIYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN • Kailangang tulungan ng mga COE/COD ang mga may kaugnayang stakeholder at mga pamayanan at/o itaguyod ang disiplina sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ibang mga HEI at mga GO at NGO.	Full-time na guro ng kagawaran na dalubhasa sa disiplina	1. Magsagawa ng mga panayam/ seminar/worksyap/kumperen-siya upang mapahusay ang pagtuturo at mga kakayahan sa pananananaliksik sa Filipino. 2. Magtaguyod ng pakikipag-ugnayan sa akademiko at di-akademikong (hal. Pagbuo ng modyul pampagtuturo/mga kagamitang pampagtuturo para sa isang pamayanan) mga proyekto o pananaliksik sa pamamagitan ng Memorandum ng Kasunduan
PANGKAGURUANG PAGPAPAUNLAD • Ang mga gawain ay dapat na maglayong maiangat ang kakayahan ng kaguruan tungo sa pagsulong ng Filipino bilang isang disiplina.	Full-time na guro ng kagawaran na dalubhasa sa disiplina	1. Bumasa ng papel sa nasyonal at/o internasyonal na mga kumperensiya (ang pondo ay maaaring buo o bahagi lamang,gastusin sa pagbiyahe, akomodasyon at bayad sa kumperensiya) 2. Dumalo sa mga seminar para sa patuluyang edukasyong pampropesyonal (worksyap at mga katulad na pagsasanay na non-degree).

MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO	Full-time na guro ng kagawaran na dalubhasa sa disiplina	1. Maghanda ng mga kagamitang pampagtuturo (kasama ang mga libro, manwal, at mga modyul pampagtuturo) na kaugnay sa disiplina 2. Magdagdag ng koleksyon sa aklatan (digital at printed).

Seksiyon 2. Lahat ng panukala ay kinakailangang maglakip ng *itemized budget* na pagbabatayan ng lawak ng tulong pinansiyal na ipagkakaloob. Walang tiyak na maksimum na halaga ng tulong pinansiyal maliban na lamang kung tiniyak ng nagpanukala ang hinihiling na halaga.

Ang pinahihintulutang halaga ay kinakailangang tumupad sa itinakdang tuntunin ng CHED at ng mga tuntunin ng pamahalaan (hal. pagbibigay ng katunayan ng mga nagastos). Ang mga panukalang proyekto ay maaaring maglaan ng badyet para sa administrasyon at/o koordinasyon ng mga isasagawang gawain ng proyekto.

Ang pag-aapruba ng aplikasyon para sa pondo ay nakasalalay sa katayuang pinansiyal ng CHED sa taong piskal kung kailan isasagawa ang proyekto. Dagdag pa rito, dahil sa limitadong pondo, ang pag-apruba sa aplikasyon para sa pondo ay kompetitibo.

ARTIKULO IV
APLIKASYON SA PONDONG MAAARING IPAGKALOOB PARA SA COE/COD

Ang aplikasyon para sa tulong pinansiyal mula sa CHED sa ilalim ng programa COE/COD ay nangangailangan ng pagsusumite ng isang panukala.

- Ang mga COE/COD ay maaaring magsumite ng hiwa-hiwalay na mga panukala o pinag-isang panukala na may higit sa isang proyekto.
- Nakapaloob ang orihinal na kopya ng panukala at tatlong (3) photocopies.
- Nakaadres sa

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.
Chairperson

Attention:
DR. AMELIA A. BIGLETE, CESO III
Director IV
Opisina ng mga Programa at Istandard (OPS)
Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon
Gusaling Higher Education Development Center (HEDC).
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Quezon City

Seksiyon 3. Mga Kailangang Nakapaloob sa Panukala

1. Ang dahong pabalat ng panukala ay kailangan kinapapalooban ng sumusunod na impormasyon:
   a. Pangalan at adres ng institusyon
   b. Uri ng ng hinihiling na pondo
   c. Titulo ng panukalang proyekto
   d. Kabuuang tulong pinansiyal na hinihiling
   e. Ipinapanukalang petsang pagsisimula at inaasahang petsang pagtatapos ng proyekto
2. Panukalang Proyekto
   a. Rasyonal, layunin, at inaasahang impak ng proyekto
   b. Gantt Chart na bubuin ng plano ng mga gawain at talatakdaan/iskedyul ng tiyak na mga gawain kasama ang inaasahang mga output
   c. Itemized na mga gastusin/halaga
   d. Kabuuang badyet
3. Pangalan at lagda ng Tagapangulo bilang proponent, numero ng telepono, email adres, at petsa ng paglagda.
4. Pag-endorso ng puno ng yunit at petsa ng paglagda.

Seksiyon 4. Pormat ng Panukala. Lahat ng mga panukala ay dapat na umayon sa ispesipikasyon sa ibaba.

- Sukat ng papel — A4 na papel
- Font typeface — Calibri o katulad na typeface
- Font size — 12 ngunit maaaring mas maliit sa mga table at numero subalit hindi liliit pa sa 8
- Line spacing — single
- Paper margins — 1.25" kaliwa at baba, 1" kanan at taas
- Walang nakadikit na mga materyal

ARTIKULO V
KRAYTERYA SA EBALWASYON NG PANUKALA

Ang bawat panukala ay dapat na naaayon sa mga layunin at mga pamantayan ng programa ng COE/COD at dapat na nagpapahayag ng posibleng mga benepisyo sa mataas na edukasyon at nasyonal na pag-unlad. Ang pag-apruba ng mga panukala ay batay sa sumusunod na pangkalahatang krayterya: (Tingnan ang Annex A para sa detalyadong krayterya para sa ebalwasyon).

1. Naaayon sa mga layunin at mga pamantayan ng programa ng COE/COD
2. Posibleng benepisyo sa mataas na edukasyon at nasyonal na pag-unlad.

ARTIKULO VI
PAMAMAHALA NG IPINAGKALOOB NA PONDO

Ang pagkakalooban ng pondo mula sa CHED ay COE/COD sa Filipino. Hinggil sa implementasyon ng proyekto, ang pondong maaaring ipagkaloob ay isang pormal na kontrata o isang Memorandum ng Kasunduan (MOA) sa pagitan ng CHED at pagkakalooban ng pondo.

Ang pinagkalooban ng pondo ay siyang may responsibilidad/pananagutan sa pamamahala ng proyekto at mga gawain nito, at pagtitiyak sa pagtupad ng mga kondisyon ng pondong ipinagkaloob, gayundin sa pagtupad sa umiiral na mga tuntunin ng pamahalaan.

- Ang pagbili ng mga bagay at pagkuha ng mga serbisyo at iba pang paggastos gamit ang ipinagkaloob na pondo ng CHED ay sasailalim sa mga tuntunin sa pagbili na umaayon sa umiiral na pagtutuos at pag-aawdit ng pamahalaan.
- Ang umiiral na batas ng Pilipinas tungkol sa Intelectual Property (IP) ay susundin sa mga proyektong pinondohan ng CHED, ngunit ang mga tiyak na tuntunin sa IP ng COE/COD ay dapat na nakalahad bilang patakaran sa MOA na lalagdaan ng CHED.
- Sa kalahatan, ang institusyong pagkakalooban ng pondo ay may karapatang ariin ang anumang bagay na natamo sa pamamagitan ng pondong ipinagkaloob para sa COE/COD na ipinapakita sa pamamagitan ng Memorandum Receipt (MR) at umaayon sa mga patakaran ng Higher Education Development Fund (HEDF).

ARTIKULO VII
PAGPAPATUPAD

Ang atas na ito ay agad na ipatupad. Ang lahat ng institusyon ng mataas na edukasyon na tinukoy bilang sentro ng kahusayan at sentro ng pagpapahusay sa Filipino ay dapat na sumunod sa panuntunang ito .

Ipinatupad ngayong 14 Enero 2014.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.
Tagapangulo

Teknikal na Komite sa Filipino
Krayterya sa Ebalwasyon ng Proposal

Kaugnayan sa mga Layunin at Pamantayan ng Programa ng COE/COD (25%)

Ang proyekto ay pakikinabangan hindi lamang ng proponent kundi maging ng iba pang mga institusyon ng mataas na edukasyon sa Pilipinas sa area ng Filipino sa pamamagitan ng pagtuturo, publikasyon, at pananaliksik (kasama na ang interdisiplinaryong pananaliksik).

Ang proyekto ay makapag-aambag sa pag-unlad ng isang makabuluhan, tumutugon, responsive at kompetitibong Programa sa Filipino tungo sa pagpapatatag ng bansa.

Ang proyekto ay makapagbibigay ng episyente at epektibong mga serbisyo sa akademya gayundin sa pampublikong sektor.

Mga Posibleng Pakinabang (30%)

Ang proyekto ay makapag-aambag ng bagong impormasyon/kaalaman (kasama na ang mga paradaym, modelo, teorya, istratehiya, at mga praktis) para sa pag-unlad ng Filipino bilang isang disiplina.

Makapagpaunlad ang proyekto sa pagsasakatuparan ng alin man o ng lahat ng gampanin ng mataas na edukasyon: pagtuturo, pananaliksik at ekstensiyon, sa akademiko at di-akademikong sektor.

Ang proyekto ay makapag-aambag sa pagpapatatag at pagpapatuloy ng Programa ng Filipino.

Pamamahala ng Proyekto (25%)

Isang Tagapamahala ng Proyekto ang itatalaga ng opisyal ng paaralan (hal. Pangulo/Tsanselor/Dekano/Akademikong Direktor) upang matiyak ang responsable at may pananagutang pagpaplano at pamamahala nito.

Magtatalaga ng mga ekperto para sa proyekto.

May iba pang pagmumulan ng pondo maliban sa CHED upang matiyak ang episyenteng implementasyon ng proyekto.

Kailangan ng komprehensibong plano ng mga gawain at mga batayan ng pagmomonitor at ebalwasyon ng proyekto (magbigay ng Gantt chart).

Badyet (20%)

Ang badyet ay rasonble (isinasaalang-alang ang iskedyul at pinanukalang mga gawain o plano) upang makamit ang mga layunin ng proyekto.

Ang proyekto ay tumitiyak sa malinaw, mapatutunayan, responsableng paggamit ng pondo.

Ang mga inilistang halaga sa panukalang badyet ay rasonable at mapahihintulutan.

Ang mga inilistang halaga ay angkop sa pinaglalaanang mga gawain para sa proyekto.

Ang panukalang proyekto na may kabuuang iskor na 85% ay makatatanggap ng Grant ng CHED